
# Mga Rekomendasyon para sa Pag-iwas at Pagkontrol sa Paglaganap ng Influenza sa mga Adult Family Home

DOH 420-494 June 2023 Tagalog

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng pangkalahatang patnubay sa mga pasilidad para sa matagalang pangangalaga (LTCF) tungkol sa pag-iwas, pagtukoy, pag-uulat, at pagkontrol sa mga pinaghihinalaan at kumpirmadong paglaganap ng influenza. Ang mga karagdagang patnubay para sa pangangasiwa ng mga paglaganap ng influenza sa mga pasilidad para sa matagalang pangangalaga ay makikita sa: http://www.cdc.gov/flu/professionals/infectioncontrol/ltc-facility-guidance.htm (sa English)

## Pag-iwas sa mga Paglaganap

**Ano ang ibig sabihin ng paglaganap?**



Isang residenteng may positibong pagsusuri ng trangkaso

**O KAYA,**

Dalawa o higit pang residenteng may acute febrile respiratory illness* na nagsimula nang may agwat na mas mababa sa 72 oras

*Acute febrile respiratory illness:

| | |
|---|---|
| • Lagnat (≥100.4°F (38°C)) | • Tuyong ubo o walang plemang ubo |
| • Pananakit ng kalamnan (Myalgia) | • Pananakit ng lalamunan (Pharyngitis) |

**Pag-iwas sa mga paglaganap**









**Ang pagpapabakuna laban sa influenza** ay ang unang aksiyong puwede mong isagawa para protektahan ang mga residente at mga kawani sa iyong pasilidad.

Sa admission at taon-taon, ang mga Adult Family Home (AFH, Tahanang Pampamilya para sa mga Nasa Hustong Gulang) ay dapat magbigay ng access sa site o gawing available sa ibang lugar, para sa lahat ng residente, ang pagpapabakuna laban sa influenza virus alinsunod sa Revised Code of Washington (RCW, Binagong Kodigo ng Washington) 74.42.285 (sa English) at Washington Administrative Code (WAC, Kodigong Administratibo ng Washington) 388-97-1340 (sa English)

Kasama sa **iba pang mga hakbang sa pag-iwas para sa buong taon** ang:

- **Sundin ang mga karaniwang pag-iingat[1] (sa English) kapag nagbibigay ng pangangalaga sa lahat ng residente para maiwasan ang pagkalat ng sakit sa iyong pasilidad.**
  - Ang pagsasanay ng wastong kaugalian sa paglilinis ng kamay at sa paghinga ay mga kasanayang kasama sa mga karaniwang pag-iingat[1] (sa English) at dapat gamitin para sa pangangalaga sa lahat ng residente.
  - Magbigay ng impormasyon at kagamitan (tisyu, supply para sa paglilinis ng kamay, basurahan) para sa wastong kaugalian sa paglilinis ng kamay at sa paghinga sa pasilidad para sa buong taon na madaling maa-access at magpapabuti sa mga kasanayan ng mga kawani at mga residente.
  - Puwedeng magsuot ang mga kawani ng personal na pamprotektang kagamitan (PPE), gaya ng gown at guwantes para sa anumang aktibidad ng pangangalaga sa residente kapag inaasahang madidikit sa dugo, likido ng katawan, secretion (kasama na ang may kinalaman sa paghinga), o excretion.
- **Limitahan ang pagbisita ng ibang mga tao sa iyong pasilidad na maysakit, kasama na ang mga kawaning maysakit.**
  - Bumuo ng proseso ng komunikasyon para maipaalam sa mga pamilya at mga bisita ang kahalagahan ng hindi pagbisita kapag may sintomas sila o maysakit.
  - Mag-isip ng proseso kung paano magsasagawa ang mga kawani ng screening ng sintomas para sa sakit na may kinalaman sa paghinga sa panahon ng influenza upang mapigilang magtrabaho ang mga kawaning may sintomas o maysakit.
  - Bumuo ng pamamaraan para maiulat ng mga kawani ang sakit sa mga employer at para maunawaan ang kahalagahan ng pananatili sa bahay kapag maysakit.
- **Magkaroon ng Plano ng Pangangasiwa sa Paglaganap ng Influenza para sa iyong pasilidad.**
  - Ang maagang pagtukoy at pagpapasuri ng mga indibidwal na may sintomas ay makatutulong upang maihanda ang pasilidad mo sa pagsasagawa ng mga wastong hakbang para maiwasan ang pagkalat ng sakit sa iyong pasilidad.
  - Puwedeng isagawa ang pagsusuri ng influenza sa mga indibidwal kahit ano pa ang kanilang katayuan sa pagpapabakuna laban sa influenza.
    - Huwag nang hintayin pa ang mga resulta ng pagsusuri para kumpirmahin ang trangkaso sa mga indibidwal na may sintomas bago simulan ang mga pag-iingat sa droplet[2] (sa English) at komunsulta sa kanilang Pangunahing Doktor sa Pangangalaga (PCP) para sa antiviral na paggamot.

**Ang Dapat Gawin kung may Pinaghihinalaang Paglaganap**

**1**

Ihiwalay ang mga indibidwal na maysakit at may sintomas mula sa malulusog na indibidwal sa iyong pasilidad para maiwasan ang pagkalat ng sakit. Simulan ang mga pag-iingat sa droplet[2] (sa English) para sa mga indibidwal na nagpapakita ng mga sintomas ng trangkaso:

| Mga karaniwang senyales at sintomas ng Trangkaso | Mga babala ng Trangkaso | Mga banayad na sintomas |
|---|---|---|
| • Lagnat* o pakiramdam na may lagnat/pangangatog<br>• Ubo<br>• Pananakit ng lalamunan<br>• Sinisipon o baradong ilong<br>• Pananakit ng kalamnan o katawan<br>• Pananakit ng ulo<br>• Pagkahapo (pagkapagod)<br>• Maaaring nagsusuka at nagtatae ang ilang tao<br><br>*Mahalagang tandaan na hindi lahat nang may trangkaso ay magkakalagnat. | • Problema sa paghinga o pagkapos ng hininga<br>• Paulit-ulit na pananakit o paninikip ng dibdib o puson<br>• Paulit-ulit na pagkahilo, pagkalito, hindi paggising<br>• Mga seizure<br>• Hindi pag-ihi<br>• Malubhang pananakit ng kalamnan<br>• Malubhang panghihina o hindi pagpirmi<br>• Lagnat o ubo na gumagaling pero bumabalik din o lumalala pa.<br>• Paglala ng mga matagalang kondisyong medikal | Tandaan na maaaring makaranas ang mga nakatatandang pasyente ng mga banayad na sintomas, tulad ng:<br>• Anorexia<br>• Pagbabago ng kalagayan ng pag-iisip<br>• Pneumonia<br>• Mababang antas o walang lagnat<br>• Paglala ng mga matagalang kondisyon sa paghinga<br>• Paglala ng congestive heart failure |

***Hindi pa kasama ang lahat-lahat sa listahang ito. Komunsulta sa isang provider ng medikal na serbisyo para sa anupamang ibang sintomas na malubha o nakababahala.***

Mga Sintomas at Komplikasyon ng Trangkaso ayon sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit): https://www.cdc.gov/flu/symptoms/symptoms.htm (sa English)

**2**

Makipagtulungan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa resident PCP ng iyong pasilidad upang magsagawa ng pagsusuri ng influenza sa mga indibidwal na may sintomas sa pasilidad mo para matukoy kung may paglaganap ng influenza sa iyong pasilidad.

**3**

Kapag natukoy mo na may nangyayaring paglaganap sa iyong pasilidad, abisuhan kaagad ang mga kawani, residente, miyembro ng pamilya/bisita. Pakiusapan ang mga bisita na limitahan ang kanilang pagbisita habang may paglaganap sa iyong pasilidad para maiwasan ang higit pang pagkalat ng sakit.

**4**

**Iulat ang lahat ng pinaghihinalaan at kumpirmadong paglaganap sa iyong Lokal na Hurisdiksyon sa Kalusugan (LHJ)** (sa English) alinsunod sa Washington Administrative Code (WAC) 246-101-305 (sa English).

Sundin ang mga rekomendasyon sa kalusugan ng publiko ng estado at sa lokal na kalusugan na nakalista sa **Checklist para sa Pagkontrol sa Paglaganap ng Influenza sa mga Adult Family Home** sa ibaba.

# Checklist para sa Pagkontrol sa Paglaganap ng Influenza sa mga Adult Family Home

| Mga Rekomendasyon | Inirerekomenda ng LHJ | Ipinatutupad ng Pasilidad |
|---|---|---|
| **Pangangalaga sa mga Residenteng Maysakit** | | |
| Ang ilang partikular na tao ay mas nanganganib na magkaroon ng malalalang komplikasyong kaugnay ng trangkaso (kasama na ang maliliit na bata, mga taong edad 65 pataas, mga taong buntis, at mga taong may ilang partikular na kondisyong medikal). Puwedeng gamitin ang mga antiviral na gamot para gamutin ang sakit na trangkaso at makaiwas sa malalalang komplikasyon ng trangkaso. Makipagtulungan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa resident PCP ng pasilidad mo na maaaring magreseta ng antivirals para gamutin ang trangkaso sa mga residenteng maysakit o nalantad sa iyong pasilidad. *Huwag* nang hintayin pa ang kumpirmasyon ng laboratoryo para sa trangkaso bago simulan ang paggagamot. | | |
| Ipatupad ang mga pag-iingat sa droplet[2] (sa English) habang patuloy na sinusunod ang mga karaniwang pag-iingat[1] (sa English) para sa mga pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso. Ipagpatuloy ang mga pag-iingat sa droplet habang nakabukod[2] (sa English) nang 7 araw mula nang unang lumabas ang mga sintomas o hanggang sa humupa na ang lagnat ng indibidwal at wala na siyang sintomas na kaugnay ng paghinga nang hindi bababa sa 24 na oras nang hindi gumagamit ng gamot na pampababa ng lagnat. Maaaring tumagal ang mga pag-iingat sa droplet habang nakabukod[2] (sa English) nang higit sa 7 araw kung patuloy na lalagnatin ang indibidwal at magkakaroon ng mga sintomas na kaugnay ng paghinga. | | |
| Ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat magsuot ng proteksiyon sa paghinga na aprubado ng NIOSH gaya ng na-fit-test na pantakip ng mukha na pang-filter ng particulate (hal., N95) o mas mataas pa (hal., de-koryenteng respirator na panlinis ng hangin, elastomeric respirator) sa mga pamamaraang nagpapalabas ng aerosol.<br><br>https://www.cdc.gov/flu/professionals/infectioncontrol/healthcaresettings.htm (sa English) | | |
| Pagbawalang lumabas ng mga kuwarto nila ang mga residenteng maysakit.<br>• Kung walang mga pribadong kuwarto, mag-isip ng ibang mga opsiyon sa pag-aayos ng puwesto gaya ng pagtitipon sa mga residenteng maysakit na may iisang kondisyon, o pagtitiyak na may hindi bababa sa 3 talampakan (0.9 metro) na distansiya at pisikal na pangharang (hal., kurtina) sa pagitan ng mga magkakasama sa kuwarto na maysakit at walang sakit. | | |
| Ang mga residenteng maysakit na kailangang umalis ng kanilang kuwarto ay dapat limitahan ang pakikisalamuha nila sa iba hangga't maaari, magsuot ng facemask, at masabihang magtakip ng ilong at bibig gamit ang tisyu kapag umuubo at bumabahin at magsanay ng wastong kaugalian sa paglilinis ng kamay. | | |
| Ang iyong lokal na hurisdiksyon sa kalusugan (LHJ) ay maaaring humiling ng karagdagang pagsusuri sa laboratoryo para sa mga kawani at mga residente. Makipagtulungan sa LHJ mo para sa pangongolekta ng sample ng specimen kung hihilingin man.<br>• **Sa pag-apruba ng lokal na hurisdiksyon sa kalusugan**, puwedeng isumite ang mga specimen sa Washington State Public Health Laboratories (PHL, Mga Laboratoryo para sa Kalusugan ng Publiko ng Estado ng Washington) para sa pagsusuri ng influenza nang walang bayad | | |

| | | |
|---|---|---|
| alinsunod sa tagubiling makikita sa: http://www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/pubs/301-018-InfluenzaTestingPHL.pdf (sa English) | | |
| **Mga Kawani** | | |
| Huwag pagtrabahuhin ang mga kawaning maysakit, kasama na ang mga boluntaryo, nang **hindi bababa** sa 24 na oras matapos gumaling ang lagnat* (nang hindi gumagamit ng gamot na pampababa ng lagnat).<br>• Ang mga taong may nagpapatuloy na mga sintomas na kaugnay ng paghinga ay dapat suriin ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan upang alamin kung angkop na silang makabalik sa trabaho. | | |
| Magtalaga ng mga kawaning mag-aalaga sa mga residenteng maysakit at ng iba pa para naman sa mga residenteng walang sakit, at bawasan ang pagpapalipat-lipat ng mga kawani sa mga lugar sa pasilidad na may mga maysakit at sa mga lugar na hindi apektado ng paglaganap hangga't maaari.<br>• Pag-isipang mag-set up ng hiwalay na pahingahang kuwarto para sa mga kawaning nag-aalaga ng mga residenteng maysakit, at i-disinfect ang mga surface na ginagamit ng lahat ng kawani (gaya ng mga time clock) o mag-set up ng pansamantalang sistema para maiwasan ang kontaminasyon sa mga surface na ginagamit ng lahat. | | |
| **Pagpapabakuna** | | |
| Makipagtulungan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan/PCP at sa Botika para sa Matagalang Pangangalaga (LTC) ng iyong pasilidad upang makapag-alok ng bakuna laban sa influenza para sa lahat ng residente at kawaning hindi pa nabakunahan dati. | | |
| **Pagbibigay ng Chemoprophylaxis** (Resetang antiviral na gamot) | | |
| Makipagtulungan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan/provider ng pangunahing pangangalaga at sa Botika para sa Matagalang Pangangalaga ng iyong pasilidad upang makapag-alok ng influenza chemoprophylaxis para sa lahat ng **residenteng walang sakit kahit ano pa ang katayuan nila sa pagpapabakuna**.<br>• Tandaan na ang mga taong maysakit ay dapat makatanggap ng antiviral na paggamot. | | |
| Tandaan na ang mga hindi pa nabakunahang kawani ay nanganganib din para sa influenza. Komunsulta sa iyong lokal na hurisdiksyon sa kalusugan tungkol sa paggamit ng chemoprophylaxis para sa mga kawaning hindi pa nabakunahan dati. | | |
| **Kaalaman/Wastong Kaugalian sa Paglilinis ng Kamay** | | |
| Ipaalam sa mga kawani, residente, at mga bisita ang hinggil sa mga paglaganap at pagsunod sa mga karaniwang pag-iingat[1] (sa English) sa tulong ng pagpapaalala sa kanila ng tungkol sa pangangailangan para sa wastong kaugalian sa paglilinis ng kamay at sa paghinga. | | |
| Magpaskil ng mga karatulang nag-aalerto sa mga kawani, residente, at mga bisita ng tungkol sa paglaganap. | | |

| | | |
|---|---|---|
| **Pagkilos/Pagtanggap/Paglipat ng mga Residente** | | |
| Limitahan ang mga aktibidad na pangmalakihang grupo sa pasilidad at pag-isipang ihain ang lahat ng pagkain sa mga kuwarto para maiwasan ang pagkukumpulan ng mga residente at ang pagkalat ng sakit. | | |
| Kung ililipat man ang isang residente sa ibang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan habang laganap ang sakit, abisuhan ang paglilipatang pasilidad tungkol sa paglaganap kung may sintomas man ang residenteng ililipat o wala. | | |
| Hangga't napananatili ang mga angkop na hakbang sa pagkontrol ng impeksiyon, puwedeng tumanggap ng mga bagong residente ang mga pasilidad. Mahalagang maipaalam sa mga potensiyal na bagong residente ang tungkol sa paglaganap para makapili sila kung ipagpapaliban muna ang pagtanggap sa kanila o hindi. Puwedeng makipagtulungan ang mga pasilidad sa kanilang LHJ para alamin kung ligtas na tumanggap ng mga bagong residente habang laganap ang sakit. | | |
| **Mga Bisita** | | |
| Ilayo sa pasilidad ang mga bisitang maysakit. | | |
| Alertuhan ang mga bisita na magsuot ng mask at tungkol sa pangangailangan para sa wastong paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o hand sanitizer na may alkohol habang bumibisita sa isang residenteng may sakit na tulad ng sa influenza. | | |
| Makipagtulungan sa iyong LHJ para alamin kung kailangang limitahan ang pagbisita hanggang sa hindi na laganap ang sakit. | | |
| **Aktibong Pagsusubaybay / Pakikipag-usap** | | |
| Subaybayan ang lahat ng bilang ng kaso sa residente at kawani, sintomas at petsa ng simula, pagsusuri, impormasyon tungkol sa pagpapabakuna at pagpapaospital gamit ang form na **line list ng mga paglaganap sa mga pasilidad para sa matagalang pangangalaga**. Subaybayan ang mga ito araw-araw at ituloy nang 1 linggo mula sa naitalang huling petsa ng simula (mula sa huling positibong pagsusuri ng influenza o sa indibidwal na may sintomas). (hal., Petsa ng simula 5/1/23, ituloy ang pagsusubaybay nang 1 linggo hanggang 5/8/23, hanggang sa wala nang matukoy pang kaso habang laganap ang sakit). | | |
| Iulat ang paglaganap sa Department of Social and Health Services ( Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan) o sa iba pang tagapaglisensiya alinsunod sa WAC 388-76-10225 (sa English). | | |
| Makipag-usap sa lokal na hurisdiksyon sa kalusugan araw-araw. | | |

*Ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na may kumpirmado o pinaghihinalaang influenza ay hindi dapat mag-alaga ng mga pasyente sa mga Pinoprotektahang Kapaligiran gaya ng mga pasyente ng stem cell transplant hanggang 7 araw mula nang magsimula ang sintomas o hanggang sa gumaling na ang mga sintomas, alinman ang mas matagal.
**1 Mga Karaniwang Pag-iingat:** https://www.cdc.gov/infectioncontrol/basics/standard-precautions.html (sa English)
**2 Mga Pag-iingat sa Droplet:** https://www.cdc.gov/infectioncontrol/basics/transmission-based-precautions.html (sa English)

## Mga Patnubay at Rekomendasyon

CDC. Patnubay sa Pangangasiwa sa Paglaganap ng Influenza sa mga Pasilidad para sa Matagalang Pangangalaga http://www.cdc.gov/flu/professionals/infectioncontrol/ltc-facility-guidance.htm (sa English)

CDC. Patnubay sa Pagkontrol ng Impeksiyon sa mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan http://www.cdc.gov/flu/professionals/infectioncontrol/ (sa English)

CDC. Pag-iwas at pagkontrol sa napapanahong influenza gamit ang mga bakuna: mga rekomendasyon ng Advisory Committee on Immunization Practices (Komiteng Tagapayo sa mga Kasanayan sa Pagpapabakuna)—Estados Unidos, 2017–2018 Panahon ng Influenza. Morbidity and Mortality Weekly Report (MMWR, Lingguhang Ulat ng Pagkakasakit at Pagkamatay) 2017; 66(2):1-20. https://www.cdc.gov/mmwr/volumes/66/rr/rr6602a1.htm (sa English)

CDC. Mga Antiviral na Gamot: Mga Rekomendasyon ng Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP): Impormasyon para sa mga Propesyonal sa Pangangalagang Pangkalusugan.

http://www.cdc.gov/flu/professionals/antivirals/index.htm (sa English)

CDC. Mga Sintomas at Komplikasyon ng Trangkaso https://www.cdc.gov/flu/symptoms/symptoms.htm (sa English)

Poster tungkol sa Mga Pag-iingat sa Droplet ng WSHA https://washington-state-hospital-association.myshopify.com/collections/isolation-precautions/products/isolation-precautions-signage-droplet-e-g-influenza (sa English)

## Mga Dulugang Pangkaalaman

Materyales ng Centers for Disease Control and Prevention https://www.cdc.gov/flu/resource-center/freeresources/index.html (sa English)

Materyales na Magtakip kapag umuubo ng CDC https://www.cdc.gov/flu/pdf/protect/cdc_cough.pdf (sa English)

Materyales na pangkaalaman ng Knock Out Flu mula sa Washington State Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) https://www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/IllnessandDisease/Flu (sa English)

Knock Out Flu: Toolkit na Isiping Mahalaga Ito https://doh.wa.gov/you-and-your-family/illness-and-disease-z/flu/materials-and-resources/knock-out-flu-toolkit (sa English)

Materyales na Wash Your Handsington https://www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/IllnessandDisease/Flu/WashYourHandsingTon (sa English)

Para sa impormasyon tungkol sa mga paglaganap ng COVID-19 sa LTC SARS-CoV-2 Infection Prevention and Control in Healthcare Settings Toolkit (wa.gov) (sa English)

Infection Control Assessment and Response (ICAR, Pagtatasa at Pagtugon sa Pagkontrol ng Impeksiyon) ng WA DOH https://doh.wa.gov/public-health-healthcare-providers/healthcare-professions-and-facilities/healthcare-associated-infections/infection-control-assessment-and-response (sa English)

Mga Dulugan para sa Adult Family Home (AFH, Tahanang Pampamilya para sa mga Nasa Hustong Gulang) ng WA DOH https://doh.wa.gov/public-health-healthcare-providers/healthcare-professions-and-facilities/healthcare-associated-infections/adult-family-homes (sa English)

# Line List para sa mga Paglaganap sa mga Pasilidad para sa Matagalang Pangangalaga

**Pakilista ang lahat ng residente at empleyado na maysakit at may mga sintomas na kaugnay ng paghinga. Markahan ang mga empleyado ng *.**

| Pangalan | Edad | Kuwarto | Petsa ng Simula | Mga Sintomas | Petsa ng Pagsusuri ng Trangkaso (Pagkolekta ng Specimen) | Resulta ng Lab/ Uri ng Pagsusuri | Bakuna Laban sa Trangkaso (Oo/Hindi/Petsa) | Naospital (Oo/Hindi) | Namatay (Oo/Hindi) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.